# Pagkansela ng Multa na may Kaugnayan sa COVID-19

Mga Madalas Itanong (Mga FAQ)

Inihanda ng Tagakolekta ng Buwis ng County ng Los Angeles

1. **Maaari ba akong humiling ng pagkansela ng multa para sa mga buwis ng aking ari-arian kung hindi ko magawa ang napapanahong pagbabayad dahil sa COVID-19?**

   **Sagot:** Oo. Kung hindi ka makagawa ng napapanahong pagbabayad para sa mga kadahilanang direktang may kaugnayan sa COVID-19, maaari kang magsumite ng Kahilingan sa Pagkansela ng Multa (kahilingan) sa aming website simula sa araw pagkatapos ng petsa ng delingkuwensya. Dapat kang magsumite ng hiwalay na kahilingan para sa bawat bill ng ari-arian (hal., Taunang Bill sa Buwis ng Nakasegurong Ari-arian, Supplemental Bill sa Buwis ng Nakasegurong Ari-arian, Bill sa Buwis ng Hindi Nakasegurong Ari-arian, atbp.). Kung hindi mo maisumite ang iyong kahilingan sa online, dapat mong kontakin ang aming tanggapan sa (213) 974-2111 upang kumpletuhin ang iyong kahilingan.

2. **Paano kung hindi ako makabayad hanggang sa deadline ng buwis ng ari-arian, ngunit makakabayad ako ng bahagi nito ngayon?**

   **Sagot:** Tumatanggap ang Tagakolekta ng Buwis ng mga paunang bayad. Kung kaya mong magbayad ng bahagi ng iyong mga buwis ng ari-arian, hinihikayat ka naming gawin ito. Tumutulong ang kita na ito na panatilihing gumagana ang pamahalaan at magbibigay ng mahahalagang serbisyo na inaasahan ng publiko, lalo na sa mga emerhensiyang katulad nito. Bilang karagdagan, maari kang maghain ng Kahilingan sa Pagkansela ng Multa sa aming website para sa natitirang balanse.

3. **Ano ang kwalipikado bilang pamantayan sa paghiling ng pagkansela ng multa na may kaugnayan sa COVID-19?**

   **Sagot:** Pinapayagan ng batas ng estado ang Tagakolekta ng Buwis na isaalang-alang ang mga pangyayaring lampas sa kontrol ng nagbabayad ng buwis, na humadlang sa napapanahong pagbabayad ng mga buwis ng ari-arian. Isinasaalang-alang ng Tagakolekta ng Buwis ang mga pangyayaring may kaugnayan sa COVID-19. Hinihiling namin ng idetalye mo ang tiyak na mga pangyayari na iyong naranasan na may kaugnayan sa COVID-19. Susuriin namin ang bawat Kahilingan sa Pagkansela ng Multa sa batayan ng bawat kaso.

4. **Paano ako magsusumite ng Kahilingan sa Pagkansela ng Multa na may kaugnayan sa COVID-19?**

   **Sagot:** Bisitahin ang aming website sa ttc.lacounty.gov at piliin ang pagkansela ng multa. Sundan ang mga tagubilin at kumpletuhin ang kinakailangang impormasyon. Huwag magsumite ng sumusuportang dokumentasyon. Kapag natukoy namin na kinakailangan ang karagdagang impormasyon upang suriin ang iyong Kahilingan sa Pagkansela ng Multa, bibigyan ka namin ng mga tagubilin sa pamamagitan ng email.

5. **Paano ko malalaman na natanggap ninyo ang aking Kahilingan sa Pagkansela ng Multa na may kaugnayan sa COVID-19?**

   **Sagot:** Matapos ang matagumpay mong pagsumite ng iyong Kahilingan sa

Pagkansela ng Multa (kahilingan), magpapakita ng pahina ng kumpirmasyon kasama ng iyong numero ng kumpirmasyon ang online na aplikasyon, na ipapadala namin sa email address na ibibigay mo sa iyong kahilingan. Hinihikayat ka naming panatilihin at isama ang numero ng kumpirmasyon sa anumang hinaharap na mga komunikasyon.

6. **Gaano katagal ang iyong pagproseso ng aking Kahilingan sa Pagkansela ng Multa na may kaugnayan sa COVID-19?**

   **Sagot:** Karaniwan naming pinoproseso ang kahilingan sa Pagkansela ng Multa sa loob ng 45 hanggang 60 araw. Gayunpaman, dahil sa kasalukuyang emerhensya sa kalusugan ng publiko, nakakaranas kami ng mga pagkaantala sa pagproseso.

7. **Ipapatupad ba ang karagdagang mga multa, interes, gastos o bayarin sa dapat bayarang halaga ng buwis ng ari-arian, habang pinoproseso ng Tagakolekta ng Buwis ang Kahilingan sa Pagkansela ng Multa?**

   **Sagot:** Hindi. Walang ipapatupad na karagdagang mga multa, interes, gastos o bayarin sa dapat bayaran na halaga ng buwis ng ari-arian. *Mangyaring huwag mabahala kapag pumunta ka sa online o makatanggap ka ng paunawa/pahayag mula sa aming tanggapan at makita ang mga multa na ito na naidagdag sa (mga) buwis ng ari-arian para sa pangalawang pagbabayad – hindi ito nangangahulugan na tinanggihan namin ang iyong Kahilingan sa Pagkansela ng Multa.*

8. **Matapos iproseso ng Tagakolekta ng Buwis ang aking Kahilingan sa Pagkansela ng Multa na may kaugnayan sa COVID-19, gaano ko katagal babayaran ang aking mga buwis ng ari-arian?**

   **Sagot:** Dahil sa kasalukuyang mga pangyayari, hindi namin matukoy ang takdang panahon sa ngayon. Makikipag-ugnay kami sa inyo kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon upang suportahan ang iyong Kahilingan sa Pagkansela ng Multa (kahilingan), o upang magbigay ng mga opsyon sa pagbabayad at takdang panahon sa iyo, sa sandaling matukoy namin ang kalalabasan ng iyong kahilingan.

9. **Pinadalhan ako ng aking kumpanya ng sangla ng sulat ukol sa aking delingkuwensya sa mga buwis ng ari-arian. Ano ang dapat kong gawin?**

   **Sagot:** Mangyaring bigyan ang iyong kumpanya ng kopya ng Pahina ng Kumpirmasyon kabilang ang numero ng kumpirmasyon para sa iyong Kahilingan sa Pagkansela ng Multa, na ipinadala sa iyo ng aming tanggapan pagkatapos ng online na pagsumite ng iyong kahilingan. Hinihiling namin ang iyong patuloy na pasensya dahil pinoproseso namin ang maraming mga kahilingang natanggap ng aming tanggapan.

Maaari mo rin kaming tawagan sa (213) 974-2111 o bisitahin ang aming website sa ttc.lacounty.gov. Mangyaring tandaan na maaaring mahirap kaming maabot sa telepono. Maraming mga aplikasyong self-service sa aming website, kabilang ang paghahanap ng kasaysayan sa pagbabayad at paghiling ng kopya ng bill sa buwis ng ari-arian.